
Ano ang American Football?

Sinulat ni: Joana Marie Palpallatoc
Petsa: October 19, 2026



Ang American Football ay isang isport na pangunahing sikat sa Estados Unidos. Nilalaro ito sa antas na propesyonal at sa mga paaralan. Hindi inimbento ang American football ng isang partikular na tao. Naging inspirasyon nito ang mga nanonood ng American rugby at soccer noong ika-19 na siglo.

Sa New Brunswick, New Jersey, noong ika-6 ng Nobyembre, 1869, ginanap ang unang laban sa American Football sa pagitan ng mga kolehiyo, na kinabibilangan ng Rutgers at Princeton University. Ang mga tuntunin noon ay mas malapit sa mga tuntunin ng soccer kaysa sa mga tuntunin ng modernong football ngayon, dahil dati ay sinisipa ang bola sa halip na ipasa ito sa pamamagitan ng paghagis, at mayroong 25 manlalaro sa bawat panig.

Binago ng Harvard at Yale ang mga tuntunin ng laro upang maging mas katulad ng rugby, kung saan pinahihintulutan ang mga manlalaro na tumakbo dala ang bola at pigilan (tackle) ang kanilang mga kalaban. Kalaunan, noong dekada 1880, binago ng manlalaro at coach ng Yale na si Walter Camp ang isport sa pamamagitan ng paglikha ng "line of scrimmage," pagtatakda ng 11 manlalaro bawat koponan, at pagbuo ng sistema ng "downs"—mga elementong nananatili hanggang sa kasalukuyan.